

KAPAG ANG IYONG ANAK AY MAY SEPSIS:

IMPORMASYON TUNGKOL SA SEPSIS, PANGANGALAGA, AT RECOVERY



THE UNIVERSITY OF BRITISH COLUMBIA
Action on Sepsis
Research Excellence Cluster



The CENTRE for
INTERNATIONAL
CHILD HEALTH



Provincial Health
Services Authority

**CHILD
HEALTH**BC

LEAD BENEFACTOR
save on foods



Sepsis Canada
Suspect sepsis. Save lives. Support recovery.

Children's Health Queensland
Hospital and Health Service

 **Queensland
Government**

Canadian
Sepsis
Foundation



Fondation
Canadienne du
Sepsis



**SEPSIS
ALLIANCE**

MGA NILALAMAN / TABLE OF CONTENTS

ANO BA ANG SEPSIS?	3
SINO ANG MAAARING MAGKA-SEPSIS?	3
ANO BA ANG MGA SINTOMAS NG SEPSIS?	3
ANO BA ANG MANGYAYARI SA OSPITAL O SA HEALTH CARE CENTRE?	5
ANO BANG KLASE NG PANGANGALAGA ANG KAKAILANGANIN NG AKING ANAK SA TAHANAN?	7
MGA KOMPLIKASYON SA KALUSUGAN PAGKATAPOS NG SEPSIS	7
PAANO MO BA MASUSUPPORTAHAN ANG RECOVERY NG IYONG ANAK?	8
SAAN KA BA MAKAKAKUHA NG PANGANGALAGA SA IYONG KOMUNIDAD?	8
PAANO KO BA MAIPAPALIWANAG ANG SEPSIS?	8
SAAN BA AKO MAKAKAKUHA NG SUPORTA PARA SA AKING SARILI AT SA AKING PAMILYA?	9
PAANO KO BA MAIIWASAN ANG PANIBAGONG IMPEKSYON NG SEPSIS?	9
SAAN BA AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA SEPSIS?	10
PAG-UWI PAGKATAPOS NG SEPSIS:	11

MGA SERBISYO SA WIKA / LANGUAGE SERVICES

Ang iyong health care team ay makapaglalaan ng isang translator o interpreter. Mangyaring magtanong lamang.

Ang booklet na ito ay available sa mga sumusunod na wika:

Arabic
Cantonese
Hindi
Mandarin
Punjabi
Tagalog

ANO BA ANG SEPSIS?

Ang sepsis ay nangyayari kapag nilalabanan ng katawan ang isang impeksyon, at inaatake ng katawan ang kanyang sariling tissues at organs. Ang sepsis ay maaaring mangyari kapag may anumang klaseng impeksyon (viral, bacterial, o fungal). Maraming bahagi ng katawan ang maaari nitong sirain.

Ang sepsis ay isang medical emergency. Ang pinakamabuting chance na gumaling mula sa sepsis ay ang gamutin ito kaagad. Kapag ang sepsis ay hindi ginamot, maaari itong magdulot ng:

- Pagkasira ng limb at tissue (hal., sa mga braso, binti, daliri ng kamay, at daliri ng paa)
- Pagkasira at hindi paggana ng organ (hal., sa puso, mga bato, mga baga, o utak)
- Permanenteng kapansanan
- Kamatayan

SINO ANG MAAARING MAGKA-SEPSIS?

Ang adults at mga bata ay maaaring magka-sepsis.

- Mas bata sa 1-taong-gulang
- May mga komplikadong kondisyon sa kalusugan
- May sakit na parang viral o trangkaso
- Mahina ang immune systems
- Nagke-chemotherapy para sa kanser
- May sunog sa balat, may sugat, o pinsala
- May indwelling devices (tubes na nakapasok sa katawan para magbigay o mag-drain ng fluids) tulad ng lines o catheters
- Ang nagpa-opera lamang o ginawan ng procedure
- Ang dati nang nagkaroon ng sepsis


ANO BA ANG MGA SINTOMAS NG SEPSIS?

Ang sepsis ay maaaring magdibelop mula sa mga karaniwang impeksyon. Sa umpisa ay maaaring banayad lamang ang mga sintomas ng sepsis. Ang iyong anak ay maaaring magkaroon ng mga sintomas ng isang karaniwang impeksyon, tulad ng sipon o trangkaso. Gayunman, ang mga sintomas ng sepsis ay maaaring magbago nang mabilis at ang iyong anak ay maaring magkaroon ng malubhang sakit sa loob ng kaunting panahon.

Maaaring mag-iba-iba ang itsura ng sepsis sa mga maliliit na bata. Maaaring mahirap idiyagnos ang sepsis, lalo na sa mga bagong panganak na sanggol. Ang mga sanggol at mga bagong panganak ay maaaring maging iyakin o maari silang mahirapang mag-feed.

**Kung parang may problema, kumuha ng tulong.
Ikaw ang nakakaalam tungkol sa iyong anak.**

ANG ALINMAN SA MGA SINTOMAS NA ITO AY MAAARING MANGAHULUGAN NA ANG IYONG ANAK AY MAY MALUBHANG SAKIT AT MAAARING MAY SEPSIS:



Ang graphics ay iniakma nang may pahintulot mula sa resources na dinibelo ng Children's Health Queensland Hospital and Health Service.

ANO BA ANG MANGYAYARI SA OSPITAL O SA HEALTH CARE CENTRE?

Magtatanong ang iyong health care team tungkol sa medikal na kasaysayan ng iyong anak at imo-monitor nila ang kanyang kondisyon. Kukunin nila ang temperatura ng iyong anak, iche-check nila ang kanyang presyon, at magsasagawa sila ng blood tests. Walang iisang lab test para sa sepsis.

Kung sa palagay ng iyong health care team na maaaring may sepsis ang iyong anak, sila'y:

- Maglalagay ng isang manipis na tube (tinatawag na IV cannula) sa ugat ng iyong anak. Kung ito'y masyadong mahirap gawin, sa halip nito'y maaaring maglagay sila ng isang karayom (tinatawag na isang intraosseous needle) sa buto.
- Kukuha ng mga sample ng dugo at ite-test ang mga ito para malaman kung may mga impeksyon. Ang mga resulta ay maaaring abutin nang 48 oras bago makuha.
- Bigyan ang iyong anak ng intravenous (IV) fluids at iba pang mga gamot para makatulong sa blood flow.
- Subaybayan ang pagtugon ng iyong anak sa treatment.

Maaari ring gawin ng iyong health care team ang sumusunod:

- Simulan ang gamot kaagad, tulad ng antibiotics, habang hinihintay nila ang mga resulta ng blood test.
- Kausapin ang ibang health care providers.
- Ayusin ang paglipat ng iyong anak sa ibang lugar, health care centre, o ospital. Ito'y maaaring isang pediatric unit o isang Pediatric Intensive Care unit (PICU).

Iba-iba ang nagiging epekto ng sepsis sa bawat bata. Ang mga pangangailangan ng iyong anak ay depende sa kung gaano kalubha ang kanyang sakit.

Ang iyong health care team / your health care team

Maaaring kabilang sa iyong health care team ang mga doktor, nurses, social workers, at Indigenous o Aboriginal Patient Liaisons. Ikaw ang pinakamahalagang suporta at advocate ng iyong anak. Mangyaring sabihin sa iyong health care kung ano ang kondisyon ng iyong anak at kung mayroon kang napansing anumang mga pagbabago.

Regular kang makikipagkomunika sa iyong health care team habang ang iyong anak ay nasa ospital o health care centre. Sasabihin ng iyong health care team ang sumusunod:

- Kung ano ang ibig sabihin ng sepsis para sa iyong anak ngayon at sa darating na panahon. Ito'y maaaring magbago depende sa kung magkakaroon ang team ng karagdang kaalaman tungkol sa impeksyon ng iyong anak, at kung gaano kahusay tumutugon sa treatment ang iyong anak.
- Anong treatment ang makukuha ng iyong anak at sino ang magbibigay ng pangangalagang ito.
- Mga suportang maaari mong makuha.
- Saan makakakuha ng tulong kung mayroon kang alalahanin.
- Ano ang maasahang mangyari habang ang iyong anak ay nasa ospital o health care centre.

Mga suportang makukuha sa mga ospital at health centers / Supports available in hospitals and health centers

Ang mga malubhang problema sa kalusugan tulad ng sepsis ay maaaring stressful para sa mga pamilya. Kung ikaw o ang ibang kapamilya ay nangangailangan ng suporta, sabihin sa iyong health care team. Maire-refer ka nila sa isang social worker o Indigenous o Aboriginal Patient Liaison. Makakapag-alok sila ng suporta, at maire-refer ka nila sa resources sa iyong komunidad.



Pagtulong sa iyong anak na kayanin ang mga medical procedure / Helping your child cope with medical procedures

Maraming mga bata ang nahihirapan sa mga medical procedure. Matutulungan mo ang iyong anak na maging mas komportable at mas kalmado. Sabihin sa iyong anak na susuportahan mo siya. Kung maaari, tulungan ang iyong anak na maunawaan:

- Kung ano ang mangyayari habang isinasagawa ang procedure,
- Bakit kailangang gawin ang procedure, at
- Sino ang mga naroroon sa panahon ng procedure.

Tanungin sa iyong health care team kung may Child Life Specialist na makapagbibigay ng suporta sa iyong pamilya.



Ang **BC Children's Hospital Comfort PACT** resource ay may impormasyon tungkol sa kung paano mabibigyang-ginhawa ang iyong anak habang isinasagawa ang mga medical procedure.

<http://www.cw.bc.ca/library/pdf/pamphlets/BC-Childrens-Comfort-Pact.pdf>



Bisitahin ang **BC Children's Hospital Pain Management & Comfort** website para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pain care sa ospital na ito.

<http://www.bcchildrens.ca/health-info/pain-management-comfort>

Resources para sa Indigenous, Aboriginal, Metis, o Inuit na mga pamilya / Resources for Indigenous, Aboriginal, Metis, or Inuit families

Kung ikaw ay nag-a-identify bilang isang Indigenous, Aboriginal, Metis, o Inuit, maaari kang mag-request ng isang Indigenous o Aboriginal Patient Liaison. Sila'y makapag-advocate para sa iyo at mapapatnubayan ka nila sa paggamit ng health care system.

ANO BANG KLASE NG PANGANGALAGA ANG KAKAILANGANIN NG AKING ANAK SA TAHANAN?

Bago i-discharge ang iyong anak para umuwi, bibigyan ka ng iyong health care team ng impormasyon tungkol sa:

- Patuloy na medical treatment na kakailanganin ng iyong anak
- Ano ang magiging itsura ng recovery ng iyong anak
- Recovery goals at timelines
- Mga posibleng pangmatagalang epekto ng sepsis sa iyong anak
- Paano maiiwasan ang mga bagong impeksyon
- Paano mo matutulungan ang iyong anak na mag-recover
- Mga gamot na kailangang inumin ng iyong anak, kabilang na ang:
 - Kung bakit kailangan ng iyong anak ang mga gamot na iyon
 - Paano magpainom ng gamot, at gaano katagal kailangang inumin ng iyong anak ang mga gamot
 - Mga posibleng side effects
- Ang mga propesyonal sa kalusugan na dapat puntahan ng iyong anak sa iyong komunidad
- Kailan dapat humingi ng tulong

Ang iyong community health care team / Your community health-care team

Ang pangangalaga sa iyong anak ay magpapatuloy pagkatapos ninyo lumabas ng ospital o health care centre. Habang nagre-recover ang iyong anak, maaaring mangailangan siya ng suporta mula sa health care providers. Maaaring kabilang sa mga ito ang:

- Pediatrician
- Family Doctor (GP)
- Nurse Practitioner
- Physiotherapists
- Occupational therapist
- Neuropsychologists o kaya cognitive behavioural therapists
- Speech pathologists
- Dietitians
- Iba pang specialist health care providers

MGA KOMPLIKASYON SA KALUSUGAN PAGKATAPOS NG SEPSIS

Maraming organs sa katawan ang maaaring maapektohan ng sepsis. Iba-iba ang epekto nito sa iba't-ibang tao.

Maraming sepsis survivors ang nakaka-recover nang husto. Gayunman, maaaring abutin nang ilang panahon para makabalik ang iyong anak sa day-care, eskwelahan, sports, o iba pang mga aktibidad. Ikaw at ang iyong pamilya ay maaaring mangailangan ng karagdagang suporta habang nagre-recover ang iyong anak.

Ang ilang sepsis survivors ay nakakaranas ng mga pangmatagalang epekto sa kanilang katawan, kaisipan, at emosyon. Ito'y tinatawag na post-sepsis syndrome.

Ang ilang mga bata ay nakakaranas ng mga sintomas tulad ng:

- Mga pagbabago sa kilos
- Nahihirapang mag-concentrate
- Pananakit ng ulo at iba pang kirot
- Kapaguran
- Nahihirapang makatulog
- Pagbabago sa ganang kumain
- Mga pagbabago sa muscle tone
- Panghihina
- Takot sa mga medical treatment



Provincial Health
Services Authority



PAANO MO BA MASUSUPPORTAHAN ANG RECOVERY NG IYONG ANAK?

Irerefer ka ng iyong health care team sa health care providers sa iyong komunidad. Maaaseso at masusupportahan ng providers na ito ang recovery ng iyong anak. Ang mga regular na check-up ay makakatulong sa iyong anak na mag-recover.

Mahalaga rin ang magpunta sa isang health care provider kung napapansin mo na:

- Ang development ng iyong anak ay delayed, o kaya
- Mas mabagal magdibelop ang iyong anak kaysa sa kanyang mga kapatid.

SAAN KA BA MAKAKAKUHA NG PANGANGALAGA SA IYONG KOMUNIDAD?

Ang Infant Development Program and Supported Infant Development Program ng Infant & Child Development Association of BC ay makakapag-refer sa iyo sa mga propesyonal upang masupportahan ang development ng iyong anak. Kabilang sa mga propesyonal ang occupational therapists, speech pathologists, physiotherapists, at social workers. Maaari kang magself-refer o humingi sa iyong health care provider ng referral para sa mga programang ito.

Sinisigurado ng Aboriginal Infant Development Program and Aboriginal Supported Child Development Program ang culturally safe at sensitibong pangangalaga para sa First Nations, Métis, at Inuit na mga bata at pamilya. Maaari kang magself-refer o humingi sa iyong health care provider ng referral para sa mga programang ito.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa may programang ito, tingnan ang webpage ng **Infant & Child Development Association of BC**.

<https://icdabc.ca/programs>

PAANO KO BA MAIPAPALIWANAG ANG SEPSIS?

Hindi nalalaman ng lahat ng health care providers kung ano talaga ang sepsis at post-sepsis syndrome. Maaaring makatulong na i-print ang booklet na ito at dalhin ito sa iyong health care provider.



Ang **Sepsis Alliance** ay may mga sulat na nagpapaliwanag kung ano ang sepsis at post-sepsis syndrome. Maaari mong ibigay ang mga sulat na ito sa:

- Mga doktor
- Mga guro
- Mga coach
- Mga daycare worker, at
- Mga Employer

<https://www.sepsis.org/education/patients-family/sepsis-survivors>

SAAN BA AKO MAKAKAKUHA NG SUPORTA PARA SA AKING PAMILYA AT SA AKING SARILI?

Kadalasan ay kailangan ng mga pamilya ng suporta sa pangkaisipang kalusugan o kabutihan pagkatapos magka-sepsis ang isang bata. Kung kailangan mo ng suporta, mangyaring magtanong sa iyong discharge nurse, sa iyong primary care provider, o pediatrician.

Maaari mo ring i-check ang resources na ito:



Ang **Foundry BC** ay nag-aalok ng libre at kompidensyal na suporta para sa mga kabataang 12-24 ang edad. Ang suporta ay available online at nang personal sa buong BC.

<https://foundrybc.ca>



Ang **Canadian Sepsis Foundation** ay nag-aalok ng suporta sa sepsis survivors at sa mga pamilya sa pamamagitan ng advocacy at networking.

Facebook profile:

<https://m.facebook.com/sepsiscanada>

<https://www.canadiansepsisfoundation.ca/>



Ang **Sepsis Alliance Connect** ay isang virtual community na nagkokonekta sa mga táong apektado ng sepsis. Ang mga miyembro ay maaaring lumahok sa live at pre-recorded programs, magbahagi ng resources, at mahikayat ng iba hinggil sa sepsis at recovery.

<https://www.sepsis.org/sepsis-alliance-connect/>

PAANO KO BA MAIWASAN ANG PANIBAGONG IMPEKSYON NG SEPSIS?

Sa mga buwan pagkatapos magka-sepsis ang iyong anak, siya'y may karagdagang risk na magkaroon ng panibagong impeksyon ng sepsis. Ito'y dahil binabago ng sepsis ang immune system.

Para mabawasan ang risk na maimpeksyon ang iyong anak:

- Panatilihin up-to-date ang mga bakuna ng iyong anak (kabilang na ang COVID-19 at bakuna laban sa trangkaso).
- Tulungan ang iyong anak sa basic hygiene, tulad ng regular na paghugas sa kanyang mga kamay gamit ang sabon at tubig.
- Imonitor ang mga kagat ng hayop, mga hiwa, kapag siya'y napaso, at iba pang mga sugat. Kung ang mga ito ay namumula, umiinit, namamaga, o hindi gumagaling, kontakin ang iyong health care provider.
- Kung pupunta ka sa isang health care provider, sabihin sa kanya na ang iyong anak ay dati nang nagka-sepsis.

Kung ang iyong anak ay nagdibelop ng anumang bagong impeksyon, bisitahin ang iyong health care provider. Sundin ang mga tagubilin para sa anumang mga gamot na irereseta niya.

Imonitor ang iyong anak para sa anumang mga palatandaan ng sepsis. Kung ikaw ay nag-aalala, kontakin ang iyong health care provider kaagad, o kaya'y magpunta sa ospital o health care centre at tanungin kung, "**Sepsis kaya ito**"?

Ang maagang treatment ay nagliligtas ng buhay.



SAAN BA AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA SEPSIS?



Ang **Sepsis Alliance** ay nagbibigay ng impormasyon, education materials, at advocacy. Mayroon silang mga colouring book, video, at guides para sa mga bata na nagpapaliwanag kung ano ang sepsis. Makakahanap ka rin ng text-based guides at visual guides para sa mga batang may IDD.

<https://www.sepsis.org/sepsisand/children/>



Ang **Canadian Sepsis Foundation** ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa sepsis, pag-iwas nito, at recovery mula sa sepsis.

<https://www.canadiansepsisfoundation.ca/>



Ang **Global Sepsis Alliance** ay isang charity na ang layunin ay ang bawasan ang sepsis sa buong mundo. Ito'y nagbibigay ng impormasyon sa sepsis sa iba't-ibang mga wika.

<https://www.global-sepsis-alliance.org/sepsis>

Sepsis research

Hanggang ngayon ay pinag-aaralan pa rin ng researchers kung paano naapektohan ng post-sepsis syndrome ang mga bata. Bisitahin ang mga site sa ibabâ para malaman kung anong sepsis research ang ginagawa sa Canada.



Sepsis Canada

<https://www.sepsiscanada.ca>



The University of British Columbia
Action on Sepsis Research Cluster

<https://sepsis.ubc.ca>



PAG-UWI PAGKATAPOS NG SEPSIS

Bago lumabas ng ospital o health care centre ang iyong anak pagkatapos niya magka-sepsis, ibabahagi ng iyong health care team ang impormasyon tungkol sa kung paano aalagaan ang iyong anak.

Kabilang sa checklist na ito ang mga bagay na maaaring gusto mong talakayin sa iyong health care team.

ITEM	OO	TANDAAN
Sisiguraduhin ng health care team ng iyong anak na naiintindihan mo:		
Ang sepsis diagnosis ng iyong anak, anong klaseng sepsis ang mayroon siya, at kung gaano katagal bago siya maka-recover sa tahanan	<input type="checkbox"/>	
Ang mga follow-up appointment at referrals na kailangan ng iyong anak	<input type="checkbox"/>	
Mga palatandaan at mga sintomas ng post-sepsis syndrome na dapat pag-ingatan, at kung ano ang gagawin kapag sila'y nangyari	<input type="checkbox"/>	
Mga komplikasyon na dapat pag-ingatan, at kung ano ang gagawin kapag sila'y nangyari	<input type="checkbox"/>	
Ang anumang mga restriksyon habang nagrerecover ang iyong anak (tulad ng mga restriksyon sa aktibidad o sa pagkain)	<input type="checkbox"/>	
Paano bawasan ang risk ng mga impeksyon at ng sepsis, kabilang na ang anumang mga bakuna na kailangan ng iyong anak	<input type="checkbox"/>	
Kung kinakailangan, tanungin ang Social Work services o ang isang Indigenous o Aboriginal Patient Liaison	<input type="checkbox"/>	
Kokontakin ng iyong health care ang iyong primary care provider o pediatrician, at ibabahagi nito ang:		
<ul style="list-style-type: none"> Sepsis diagnosis ng iyong anak Mga posibleng komplikasyon pagkatapos ng sepsis 	<input type="checkbox"/>	
Bibigyan ka ng iyong health care team ng:		
Impormasyon tungkol sa mga gamot ng iyong anak, kabilang na ang: <ul style="list-style-type: none"> Mga uri ng gamot, paano sila gamitin, dosis, at iskedyul Anumang mga pagbabago sa mga regular na gamot ng iyong anak Paano pamahalaan ang pananakit 	<input type="checkbox"/>	
Ang discharge summary ng iyong anak, kabilang na ang impormasyon tungkol sa: <ul style="list-style-type: none"> Sepsis diagnosis ng iyong anak, at uri ng impeksyon Pamamahala sa pananakit Mga gamot na iinumina Mga follow-up appointment at mga referral Pangalan at contact information ng isang táong mapagtatanganan mo tungkol sa pangangalaga ng iyong anak dahil sa sepsis 	<input type="checkbox"/>	

Iniakma nang may pahintulot mula sa: Australian Commission on Safety and Quality in Health Care. Sepsis Clinical Care Standard Information para sa mga magulang, mga tagapag-alaga, at mga pamilya ng mga batang may sepsis. Sydney: ACSQHC; 2022 & Children's Health Queensland Hospital and Health Service & Action on Sepsis Research Excellence Cluster & Hamilton Health Sciences Sepsis Education Package for Patients and Families



Provincial Health
Services Authority



KARANASAN NG PASYENTE AT KALIDAD NG PANGANGALAGA / PATIENT EXPERIENCE & QUALITY OF CARE

Ikaw at ang iyong pamilya ay bahagi ng care team ng iyong anak. Sasabihan ka ng health care providers kung ano ang mga opsyon sa treatment ng iyong anak. Isasali ka sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga sa iyong anak.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa sakit ng iyong anak, kausapin ang iyong health care team.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa kalidad ng pangangalaga na natatanggap ng iyong anak at pamilya:

- Kausapin muna ang iyong health care team. Kung maaari, sabihin ang iyong mga alalahanin sa panahon at lugar kung kailan at saan sila nangyari. Mareresolba ng iyong health care team ang karamihan ng mga alalahanin sa ganitong paraan.
- Kung mayroon ka pa ring alalahanin pagkatapos kausapin ang iyong health care team, kontakin ang iyong local Patient Care Quality Office (PCQO).

Lubos na pinakikinggan ng PCQO ang mga alalahanin tungkol sa pangangalaga sa iyong pamilya. Bagamat hindi sila maaaring makialam o mag-advocate para sa iyong anak habang siya'y nasa ospital, maaari silang:

- Tumanggap at magrekord sa iyong feedback.
- Tumulong na resolbahin ang mga alalahanin tungkol sa kalidad ng pangangalaga na ibinigay ng iyong health care team, at
- Pabutihin ang mga serbisyo sa pasyente sa darating na panahon.

Ang PCQO ay tatanggap din ng compliments o pagpupuri mula sa iyo at ipapasa nila ang comments tungkol sa mga programa at sisiguraduhin nila na makikilala ang staff para sa pangangalagang ibinigay nila.

Ang bawat health authority ay mayroong kanilang sariling PCQO. Mangyaring kontakin ang office sa iyong lugar. Ang mga website sa ibabâ ay nagbibigay rin ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang maaasahang mangyari kapag kinontak mo ang PCQO.

WEBSITES NG HEALTH AUTHORITY AT CONTACT INFORMATION

[Patient Care Quality Office Fraser Health Authority](#)

[Patient Care Quality Office Interior Health](#)

[Patient Care Quality Office Island Health](#)

[Patient Care Quality Office Northern Health](#)

[Patient Care Quality Office Provincial Health Services Authority \(PHSA\) BC Children's Hospital](#)

[Patient Care Quality Office Vancouver Coastal Health](#)

MÉTIS NATION BRITISH COLUMBIA

[Ang Métis Nation British Columbia Health Experience Program](#) ay tumutulong sa mga Métis na indibidwal, mga pamilya, at mga komunidad sa buong BC na maunawaan at magamit ang proseso ng healthcare feedback. Ang programa'y naglalaan ng ligtas na lugar para sa pakikipagtalakayan na pinamumunuan ng Métis tungkol sa lahat ng mga klaseng karanasan sa kalusugan, at nagtataguyod ito para sa pagbabago sa pamamagitan ng pagkukuwento at paninigurado na ang Métis ay nirerepresenta sa kalusugan.

